**Pamagat**: Ibabagsak Kita sabi ng PANGINOON

**Texto**: Obadiah 1:4 "Though thou exalt thyself as the eagle, and though thou set thy nest among the stars, thence will I bring thee down, saith the LORD."
*Pagsasalin*: Bagaman ikaw ay nagmamataas na parang aguila, at bagaman inilalagay mo ang iyong pugad na kasama ng mga bituin, ibabagsak kita, sabi ng PANGINOON.

**Panimula**:
1. Walang mas malupit na katunayan ng pagkasira ng mundo natin kaysa ang mga magkakapatid ay nag-aaway o ang pakikipagdigma ng mga magkakapatid. Tulad ni Cain at Abel; Ishmael at Isaac; at ni Esau at Jacob; ganito rin ang bansang Israel at Edom.
2. Hahatulan ng Dios ang karahasan na ginawa ng bansang Edom kay Israel. Ang Edom ay maliit na kaharian na nasa timog-silangan (southeast) ng Judah, sa mga bundok, sa ilalim ng "Dead Sea."
    A. Hindi nila pinayagan na papasukin ang Israel para makuha nila ang Promised Land (Numbers 20:14-21).
    B. Ginamit ng Dios si Hadad the Edomite bilang parusa kay King Solomon (1 Kings 11:14).
    C. Binenta ng mga Philistines ang kanilang mga bihag na Israelites kay Edom (Amos 1:6).
    D. Sa kapanahunan ng Paghahari ni King Ahaz, sinakop sila ng Edom at may mga ginawang bihag ng Edom (2 Chronicles 28:17).
    E. Nagkaroon ng Coalition laban sa Babylon itong Israel at Edom, pero naging traidor ang Edom – sumali sila sa Babylon at bumagsak ang Jerusalem (586 A.D.).

I. **Nagpatawag ng Hukbo ang PANGINOON upang makipagdigma sa Kanila**:
    A. Mapapahiya ang Edom dahil babawasan ng Dios ang kanilang katayuan sa mga bansa. (v.2)
    B. "ikaw ay lubhang hinahamak" (v.2b) – ganito rin ang trato ng kanilang founder (Esau) sa kanyang "birthright" (pamana) – Gen. 25:34.

II. **Akala nila sila ay Walang Talo o Hindi Masusupil**:
    A. Ang kabisera ng Edom at Bozrah at ito ay nasa mga matataas na bundok (Mt. Sier).
    B. Ito ay naging pride ng Edom (v.3) "walang makakapabagsak" sa kanila.
    C. Ang pride ay: kasalanan (Proverbs 21:4); kasuklamsuklam (Proverbs 16:5); kinapopootan ng Dios ang pride (Proverbs 8:13).

III. **Ang Hatol ng Dios sa Edom**:
    A. Pinayagan ng Dios na ang mga sumasalakay sa Edom ay mas matindi kaysa sa mga karaniwang pagnanakaw. Walang naiwan sa Edom. (Minahan ng tanso at ng mga ubas).
    B. Kung paano naging traidor ang Edom sa Israel, ganito rin naging traidor kay Edom ang inakala nilang tagapagtulong (o kapanalig). (v.7) – Babylon destroyed them 4 years after Jerusalem was destroyed.
    C. Ang PANGINOON mismo ay naging kanilang kalaban. (v.8-9).

**Katapusan**:
1. (v.10-14) Hahatulan ng Dios ang lahat ng mga nagapi sa bansang Israel, at ito ay dala ng pangako ng Dios na tinatawag nating: Abrahamic Covenant. (Genesis 12:1-3)
2. Ang hatol ng Dios ay hinid maaring iwasan; Hinahamak ng Dios ang isang mapagmataas na tao.
3. Pero, iniaangat ng Dios ang mapakumbaba.
4. Sa Bagong Tipan ang lahi ng mga Edomites ay sila King Herod at ang masama niyang mga kapamilya. Matapos ang pagwasak ng Jerusalem (70 A.D.) ay hindi na nakita ang mga Edomites.
5. Tutlungan tayo ng Dios na huwag maging mapag-mataas. Umasa tayo sa Dios at huwag sa ating sarili.